Pinaiigting ng tumitinding kalagayan ng karapatang pantao sa Timog Katagalugan ang pangangailangan ng mas marami pang mga abogado at paralegal para sa bayan. Sa harap ng mga gawa-gawang kaso, mga paratang ng terorismo, lantarang paglabag ng IHL at mga batayang karapatang pantao, **kailangan ng mga magtatanggol sa mga karapatan at kalayaang dapat natatamasa ng sambayanan.**

Kaya naman sa **ika-8 ng Nobyembre 2025**, magkakasa ang **BATINGAW (2025)** ng ***Paralegal Training*** ilulunsad ito sa **CAS Annex 2 Multipurpose Hall 2, 10:00 AM.** Bukas ang pagsasanay sa lahat. Magrehistro lamang sa:

https://bit.ly/Batingaw2025-Registration

## DINGGIN ANG ALINGAWNGAW NG BATINGAW, MAG-ARAL BILANG PARALEGAL NG BAYAN!

## ANO NGA BA ANG PARALEGAL TRAINING?

Ang ***paralegal training*** ay isang mahalagang pagsasanay na layuning mahasa ang kakayahan ng mga paralegal ng bayan at ng iba't ibang organisasyong masa. Sa pagsasanay na ito, tinuturuan ang mga kalahok ng mga batayang prinsipyo ng karapatang pantao at ng mga pamamaraan upang maisulong at mapangalagaan ang mga batayang karapatang sibil, pulitikal, pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkultura ng sambayanan. Bukod dito, binibigyang-diin ng pagsasanay ang pag-unawa sa mga esensyal na teknikalidad ng batas na madalas gamitin laban sa mga mamamayang lumalaban, upang magkaroon sila ng kakayahang ipagtanggol ang sarili at ang kanilang komunidad. Sa ganitong paraan, nakatutulong ang *paralegal training* na makapaghubog ng mga paralegal na magsisilbing katuwang, at tugon sa kakulangan ng mga abugado ng bayan, habang isinusulong ang respeto at proteksyon sa karapatang pantao.



*Kuha ng YAPJUST UPLB sa pagdaos ng BATINGAW 2024.*

# BATINGAW

INIHAHANDOG NG

Youth Advocates for Peace with Justice Los Baños • UPLB University Student Council • Youth Movement Against Tyranny Southern Tagalog • UPLB Sophia Circle • UPLB College of Arts and Sciences Student Council • All UP Academic Employees Union • UPLB Office of Student Activities

Sa ilalim ng rehimen ni Ferdinand Marcos Jr., patuloy na lumalala ang sitwasyon ng karapatang pantao sa Pilipinas. Tiyak na sa pagpapatupad ng ***National Action Plan for Peace, Unity, and Development*** **(NAP-UPD)**, ang mapanlinlang na estratehikong programa kontrainsurhensya ng kasalukuyang rehimen, lalo lamang lolobo ang bilang ng mga paglabag sa *International Humanitarian Law* (IHL). Magmula nang maupo si Marcos Jr. hanggang Hunyo 2025, naitala ng Karapatan (National) ang mga sumusunod na kaso sa buong bansa:

**129** extrajudicial killings (EJKs)

**288** illegal and arbitrary arrests

**67,024** victims of indiscriminate firing

**51,206** victims of indiscriminate bombing

**45,097** forced evacuations


**15** enforced disappearances

**10,225,414** cases of threats, harassment, and intimidation

Mainit na pugad ng marami sa mga kasong ito ang Timog Katagalugan, partikular sa Mindoro at Rizal, kasabay ng tumitinding militarisasyon sa rehiyon.

Higit na pinatitindi ang mga operasyong militar sa Mindoro bilang tiket sa **mapanlinlang na *development projects***, kung saan ipinangangalandakan ang huwad na pag-unlad sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga *nuclear power plant* at mga paliparan sa Occidental at Oriental Mindoro, at ang pagbabalak na gawing *power hub* ang buong rehiyon ng Timog Katagalugan. Alinsunod ang mga proyektong ito sa ***Regional Comprehensive Economic Partnership* (RCEP)**, isang kasunduang pangmalayang kalakalan na pinangungunahan ng Tsina na ipinagtibay ng Senado noong 2023.

Bukod sa pag-una ng dayuhang interes, binigyang-daan din ng estado ang panghihimasok ng *real estate developers*, tulad ng **Pieceland Corporation** ng mga **Almeda** na kilala sa pangangamkam ng mga lupang ninuno. Mula ika-16 ng Mayo, 2024, **binakuran ng mga Almeda ang lupaing mahigit 300,000 metro kuwadro sa Sitio Malatabako, Abra de Ilog, Occidental Mindoro.** Mula sa 68 na pamilyang Mangyan-Irayang mula rito, 12 ang naiwan sa loob na apektado ng ***hamleting*** at ***food blockade***, hindi makapasok at makalabas sa sariling lupa, makapaghanapbuhay, at makakain. Noong Oktubre 2024, sa kumpas din ng korporasyong ito, 29 na mga katutubong Mangyan-Iraya ang **ilegal na inaresto at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso, 12 ay mga menor-de-edad pa lamang.**





*Mga larawan galing sa Mindoro Youth for Environment and Nation: mga Mangyan-Iraya (taas) at lokal ng Mindoro (baba).*

Sa mga makadayuhan at makakapitalistang mga tunguhin ng pamahalaan, mismong mga lokal na mamamayan ang itinuturing na balakid sa pagpapadali ng pangangamkam ng lupa at ng mga kayamanang angkin nito. Kaya hindi na nakapagtatakang **kasabwat ng mga *security goons* ng Pieceland Corp. ang *Philippine National Police* (PNP) at *Armed Forces of the Philippines* (AFP)** sa panggigipit sa mga katutubo.

Hindi rin malayo sa mga dinaranas ng mga Mangyan ang mga karanasan ng mga lokal ng Rizal. Noong July 2024, **ilegal na inaresto at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso sina Melchor Luyao**, isang organisador sa hanay ng mga magsasaka; at **Laila Ramos**, isang tagapagtanggol ng mga mga karapatan ng katutubo sa kanilang lupang ninuno.

Patuloy ang **paniniktik at panliligalig sa mga katutubong Dumagat-Remontado** sa Tanay, Rizal. Nitong Agosto, ayon sa ulat ng Karapatan, iniisa-isa ang mga kabahayan upang mang-interoga at magbanta sa kanilang dumadalo sa mga protestang kapag ipinagpatuloy pa nila ang pagkilos ay maaari silang madakip. Tumindi lang din ang presensya ng militar sa lugar matapos ang ***International Solidarity Mission* (ISM)** na isinagawa rito nitong Oktubre upang ilantad ang kalagayan ng mga katutubo sa lugar. Ito ang tugon ng estado sa panawagan ng mga katutubong itigil na ang pagpapatayo ng Kaliwa-Kanan-Laiban dam na sisira sa kanilang kabundukan at kabuhayan: pananakot at pagpapatahimik




*Mula sa Int'l Indigenous Peoples Movement for Self Determination & Liberation. Nakiisa ang katutubong Dumagat-Remontado sa panawagang ihinto ang pagpapaptayo ng Kaliwa-Kanan-Laiban dam sa kanilang lupain.*

Alinsunod din sa programang kontrainsurhensya ni Marcos Jr., apat na beses nang **pinaulanan ng bala at bomba *(aerial strafing at bombing)* ng AFP ang Oriental Mindoro** mula 2022. Naganap ang mga ito noong Oktubtre 18, 2022 sa Brgy. Waygan at Sta. Teresita; Mayo 8, 2023 sa Brgy. Malo, Bansud; Pebrero 19, 2024 sa Brgy. Tagumpay, Pola; at Marso 1, 2024 sa Sitio Lomboy, Brgy. Panatayan.

Walang malinaw na layuning militar ang mga pangbobomba na ito at **walang pakundangan sa nararapat na bisa ng IHL**. Sa ganitong lagay, damay bilang ***collateral damage* ang mga sibilyan**, kasama ang mga katutubong Mangyan-Hanunuo na napipilitang lisanin ang kanilang mga lupa at hanapbuhay. Nagkakampo rin ang mga sundalo pati sa mga paaralang pinaglilikasan ng mga residente na nagdulot ng takot at *trauma* lalo na sa kabataan dahil sa walang tigil na putukan.

Parehong mga pwersa lang din ang nasa likod ng **pagpaslang kina Jay-El Maligday, isang lider-estudyanteng Mangyan Hanunuo**, sa Sitio Soryawon, Brgy. Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Abril 7, 2024; at **Juan Sumilhig, isang magsasakang Maranao na dati ring bilanggong politikal**, nitong Agosto 1 lamang sa Sitio Salidang, Brgy. Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Pinaratangang mga miyembro ng Bagong Hukbong Bayan, pinalabas ng Militar na namatay sila sa mga engkwentrong wala namang katunayan. Wala ring kapayapaan maging sa kamatayan ang ilang biktima ng EJK, tulad sa kaso ni Sumilhig na maging kaniyang mga labi ay kinailangan pang agawin pabalik ng kaniyang pamilya.

**KALAMPAGIN ANG BATINGAW NG KATARUNGAN!**